RIZAL

Sa Aking Mga Kabata: Kahulugan at Totoo Bang Kay Rizal?: Buod at Gawain

Akda ni Jose Rizal (dominyo publiko). Ang buod at gawaing ito ay inihanda ng akingmaiklingkwento.com batay sa mga pinagkunang nakalista sa dulo.

Ano ang sinasabi ng tula?

Ang pangunahing mensahe: ang bayang nagmamahal sa sarili nitong wika ay muling makakamtan ang kalayaan. Inilalarawan ang wika bilang kaloob ng langit, tulad ng pagmamahal ng isang bayan sa lupang tinubuan.

Ang pinakatanyag na bahagi ay ang paghahambing sa dulo: ang hindi nagmamahal sa sarili niyang wika ay higit pa sa hayop at malansang isda. Ito ang madalas banggitin tuwing Buwan ng Wika tuwing Agosto.

Isinulat ang tula bilang payo sa kabataan, kaya "kabata" ang tawag sa kinakausap. Hindi ito tungkol sa isang tiyak na pangyayari kundi sa halaga ng wika bilang sukatan ng halaga ng isang bayan, ayon sa karaniwang pagbasa nito.

Gawain: sagutin ang mga tanong

1. Tungkol saan ang Sa Aking Mga Kabata?

2. Ilan ang saknong at ilang taludtod bawat saknong?

3. Kanino iniuugnay ang tula at kailan diumano ito isinulat?

4. Bakit pinagdududahan na si Rizal ang sumulat?

5. Kailan unang nalathala ang tula at saan?

6. Para sa iyo, mahalaga pa rin bang basahin ang tula kahit hindi tiyak ang may-akda? Ipaliwanag.

Mga sagot

1. Tungkol ito sa pagmamahal sa sariling wika: ang bayang nagmamahal sa wika nito ay muling makakamtan ang kalayaan.

2. Limang saknong na tig-apat na taludtod.

3. Kay Jose Rizal, sa edad na walo (1868 o 1869, magkaiba ang tala).

4. Dahil sa salitang kalayaan, sa matatas na Tagalog, sa paggamit ng K at W, sa salitang Ingles at sa kawalan ng banggit ni Rizal mismo, ayon sa mga historyador.

5. Noong 1906, sa aklat ni Hermenegildo Cruz na Kun sino ang kumathâ ng02 $fÆ÷& çFR"à

6. Malayang sagot. Maaaring sabihin na ang mensahe tungkol sa pagpapahalaga sa sariling wika ay may halaga anuman ang may-akda.

Mga pinagkunan

• Wikipedia (Ingles): Sa Aking Mga Kabatà (pag-iugnay kay Rizal, pagdududa at unang paglathala) (https://en.wikipedia.org/wiki/Sa_Aking_Mga_Kabata)

• Wikipedia (Tagalog): Sa Aking Mga Kabata (https://tl.wikipedia.org/wiki/Sa_Aking_Mga_Kabata)